Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Pagkuha ng mga Benepisyo sa SSI Habang Sinusubukan Mong Ibenta ang mga Sobrang Pag-aari



## Makakakuha ba ako ng mga benepisyo sa SSI kung ako'y may mga sobrang pag-aari?

Upang makakuha ng mga benepisyo sa SSI, ang iyong maisasamang mga pag-aari ay hindi dapat nagkakahalaga ng higit sa $2,000 para sa isang tao, o $3,000 para sa mag-asawa. Gayunman, maaaring makakuha ka pa rin ng mga benepisyo kung sumang-ayon kang ibenta ang ilan sa iyong mga maisasamang pag-aari.

## Anong uri ng mga bagay ang maaari kong ibenta?

Maaari mong ibenta ang mga sumusunod na bagay:

- *ari-arian*, tulad ng lupa o bahay na hindi mo tinitirahan; o
- *personal na pag-aari*, tulad ng mga kasaling sasakyan (halimbawa, isang pangalawang kotse).

## Paano ito gumagana?

- Habang sinusubukan mong ibenta ang ***ari-arian***, makakatanggap ka ng mga benepisyo sa SSI nang hanggang **siyam na buwan** sa ilalim ng mga takdang kondisyon.
- Habang sinusubukan mong ibenta ang *personal na ari-arian*, makakatanggap ka ng mga benepisyo sa SSI nang hanggang **tatlong buwan**.
- At maaaring bayaran ka namin nang mas matagal kung natutupad mo ang ilang mga takdang kondisyon.

## Ano ang dapat kong gawin?

- Ang iyong mga benepisyo sa SSI ay hindi maaaring magsimula hangga't hindi mo pinipirmahan ang isang may ***kondisyon na kasunduan sa mga benepisyo***, at hangga't hindi namin tinatanggap ang kasunduan.
- Ang pormularyo para sa kasunduan ay makukuha sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar. Mangyaring humingi sa amin ng karagdagang impormasyon.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ko ibenta ang aking ari-arian at/o personal na pag-aari?

- Kailangan mong isauli ang ilan o lahat ng mga benepisyo sa SSI na natanggap mo noong sinusubukan mong ibenta ang ari-arian.
- Maaari kang magpatuloy na tumanggap ng mga benepisyo sa SSI. Mangyaring makipag-alam sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar upang malaman kung ang iyong mga benepisyo sa SSI ay magpapatuloy pagkatapos ng pagbenta.